# KAPASIYAHAN BLG. 2021-16

**"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 006, H-2020 NA NAUUKOL SA ANNUAL INVESTMENT PLAN AT KAUTUSAN BLG. 002, H-2020 NG BARANGAY NG TIBAGAN, BUSTOS, BULACAN ANG NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (*ANNUAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2021 NA NAGKAKAHALAGA NG ANIM NA MILYON, PITONG DAAN APAT NA LIBO, TATLONG DAAN LIMAMPU'T SIYAM NA PISO (PHP.6,704,359.00)."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Melvin H. Melencio**
Tagapangulo
Lupon sa mga Alituntunin, Pananalapi at Pamamahala ng Kitambayan

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Tibagan para sa kanilang *annual budget* na laang gugulin para sa taong 2021 na nagkakahalaga ng PhP6,704,359.00;

**SAPAGKA'T**, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga mamamayan ng Barangay Tibagan at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kautusan ng Barangay Tibagan ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. MELVIN H. MELENCIO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 006, H-2020 na nauukol sa Annual Investment Plan at Kautusan Blg. 002, H-2020 ng Barangay Tibagan, Bustos, Bulacan na nauukol sa *annual budget* para sa taong 2021 na nagkakahalaga ng Anim na Milyon, Pitong Daan Apat na Libo, Tatlong Daan Limampu't Siyam na Piso (PhP6,704,359.00).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-19 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni | **Jonalyn S. Ortega-Santos**<br>Kasangguni |
| **Toni Flor H. De Guzman**<br>Kasangguni | **Rosette G. Pangilinan**<br>Kasangguni |
| **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni | **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni |
| **Melvin H. Melencio**<br>Kasangguni | **Gemar Aldrich M. Cruz**<br>Kasangguni |
| **Martin SJ.Angeles**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-19 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim